# {Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "Hinati Ko ang ṣalāh sa pagitan Ko at ng lingkod Ko sa dalawang kalahati at ukol sa lingkod Ko ang hiniling nito

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: {Nagsabi si Allāh (napakataas Siya): "Hinati Ko ang ṣalāh sa pagitan Ko at ng lingkod Ko sa dalawang kalahati at ukol sa lingkod Ko ang hiniling nito." Kaya kapag nagsabi ang lingkod: {2. Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang,}, magsasabi si Allāh (napakataas Siya): "Nagpuri sa Akin ang lingkod Ko." Kapag nagsabi ito: {3. ang Napakamaawain, ang Maawain,}, magsasabi si Allāh (napakataas Siya): "Nagbunyi sa Akin ang lingkod Ko." Kapag nagsabi ito: {4. ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.}, magsasabi Siya: "Nagparingal sa Akin ang lingkod Ko." Nagsabi pa Siya minsan: "Nagpaubaya sa Akin ang lingkod Ko." Kapag naman nagsabi ito: {5. Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.}, magsasabi Siya: "Ito ay sa pagitan Ko at ng lingkod Ko at ukol sa lingkod Ko ang hiniling niya." Kapag naman nagsabi ito: {6. Magpatnubay Ka sa amin sa landasing tuwid: 7. ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.}, magsasabi Siya: "Ito ay ukol sa lingkod Ko at ukol sa lingkod Ko ang hiniling niya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na si Allāh (napakataas Siya) ay nagsabi sa banal na ḥadīth: "Hinati Ko ang Sūrah Al-Fātiḥah sa ṣalāh sa pagitan Ko at ng lingkod Ko sa dalawang kalahati: sa Akin ang unang kalahati nito at sa kanya ang ikalawang kalahati nito." Ang unang kalahati nito ay pagpupuri, pagbubunyi, at pagpaparingal para sa Akin, na gaganti Ako sa kanya dahil dito ng pinakamabuting ganti. Ang ikalawang kalahati nito ay pagsusumamo at panalangin, na tutugon Ako sa kanya at magbibigay Ako sa kanya ng hiningi niya. Kaya kapag nagsabi ang tagapagdasal: {Ang papuri ay ukol kay Allāh, ang Panginoon ng mga nilalang,}, magsasabi si Allāh: "Nagpuri sa Akin ang lingkod Ko." Kapag nagsabi ito: {ang Napakamaawain, ang Maawain,}, magsasabi si Allāh: "Nagbunyi sa Akin ang lingkod Ko sapagkat nagbunyi siya sa Akin at kumilala siya sa Akin ng pagkapanlahat ng pagbibiyaya Ko sa nilikha Ko." Kapag nagsabi ito: {ang Tagapagmay-ari ng Araw ng Pagtutumbas.}, magsasabi si Allāh: "Nagparingal sa Akin ang lingkod Ko." Ito ay ang malawak na karangalan. Kapag naman nagsabi ito: {Sa Iyo [lamang] kami sumasamba at sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong.}, magsasabi si Allāh: "Ito ay sa pagitan Ko at ng lingkod Ko." Ang unang kalahati mula sa talatang ito ay ukol kay Allāh: {Sa Iyo [lamang] kami sumasamba}. Ito ay isang pagkilala ng pagkadiyos kay Allāh at pagtugon

sa pamamagitan ng pagsamba. Dito nagwawakas ang kalahati na ukol kay Allāh. Ang ikalawang kalahati mula sa talata, na ukol sa lingkod: {sa Iyo [lamang] kami nagpapatulong}, ay ang paghiling ng tulong mula kay Allāh at ang pangako Niya ng pagtulong. Kapag naman nagsabi ito: {Magpatnubay Ka sa amin sa landasing tuwid: ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.}, magsasabi si Allāh: "Ito ay isang pagsusumamo at isang panalangin mula sa lingkod Ko at ukol sa lingkod Ko ang hiniling niya at sumagot nga Ako."

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/65099

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee